

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Ika-92 Japan Track & Field National Championship

日本陸上競技選手権大会

349



Mula ika-26 hanggang 29 ng Hunyo, 4 na araw, gaganapin ang ika-92 beses na Japan track and field kung saan pipiliin ang magiging kinatawan o representatibo ng bansang Hapon sa Beijing Olympics sa buwan ng Agosto. Ang pagpipili ng magiging manlalaro ay gaganapin sa Todoroki Athletics Stadium.

Sa araw na ito, may 200 kataong imbitado, at sa loob ng 4 araw ay may 800 katao ang inaanyayahang dumalo. Narito ang paraan ng pag aplay ng tiket: maghanda ng self-addressed return postcard (Ofuku Hagaki) pwedeng 2 katao ang mag aplay sa isang card. Isulat ditto kung anong araw mong nais manood sa loob ng 26 hanggang 29. Isulat dito ang pangalan, edad, at numero ng telepono. Sa pabalik na card naman ang sariling address at pangalan ng representatibo. Ipadala ito sa: Kawasaki Board of Education, Sports Division postal code 210-8577 hanggang sa araw ng deadline na Hunyo 9. Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa KYOIKU IINKAI SPORTS KA 044-200-332.

Contest: Bagong Instrumentong Pang-musika

全国手づくり楽器アイデアコンテスト 350

Kung ikaw ay may ideya ukol sa nais mong instrumentong pang-musika, kung ikaw ay may naisip na paraan ng paggawa ng natatangi at bagong instrumento sa pamamagitan ng pag-recycle ng mga bagay na pang-araw-araw at maaaring maging pantugtog. Ito na ang pagkakataon: Sumali sa "All-Japan Handmade Instrument Idea Contest kung saan ito ay nahahati sa 2 kategorya. 1. Handmade Instruments na kinabibilangan ng Children's Instrument Division na ang kalahok ay mga junior high school pababa na gagamit ng recycled items. 2. Ilustrasyon ng kathang- isip na Instrumento na kinabibilangan ng Regular Division kung saan maaaring lumahok ang mga bagong idea ngunit di pa nakikitang instrumento.

Pwede itong i-aplay sa pamamagitan ng pagpapadala ng lahoc kung papaano ito gagamitin o di kaya ang sample na VHS, mini DV ng perormans ng instrumento.

Para sa Dream Instruments Division magsusumite ang bawat kalahok ng drowing ng instrumentong maaaring lumabas sa hinaharap, mga bagay na nais magkaroon sa kasalukuyan. Kailangang naka-drawing ito sa A4, Octavo, o one-fourth (quatro) drawing paper na naidrawing sa kamay o printed out ng kompyuter. (Octavo size=27cm x 38cm. quarto=38cm x 54cm) Lahat ng kalahok ay inaasahang idikit ang kanilang Gawain sa likod ng application form at ipadala sa Council for the Promotion of "Kawasaki -City of Music" postal code 212-8554 [Ongaku no Machi Kawasaki] Suishin Kyogi Kai 044-544-9641 hanggang ika-30 ng Septyembre (Martes) Tumawag para sa katanungan sa Citizens' and Children's Affairs Bureau, Citizen Cultural Affairs Office 044-200-3725.



Tamagawa Hanabi Taikai (Fireworks)

「多摩川花火大会」

351

Isa nang alamat tuwing tag-araw ang Fireworks o Hanabi dito sa Tamagawa. Ngayong taon, muling gaganapin ito sa ika-16 ng Agosto. Sa araw na ito, inaanyayahang lumahok ang sinuman kung may mensaheng nais iparating sa pamamagitan ng paputok sa kalangitan, pinili bilang "catch phrase" ang [Natsu no yosora wo anatano omoide sometai] Ang mga kwalipikasyon ng sponsor na nais magpapahatid mensahe sa pamamagitan ng fireworks ay: nakatira sa siyudad, nagtatrabaho o nag-aaral sa siyudad at 5man yen ang bawat entry. Ang bawat entry ng sponsor ay, i-a announce ang pangalan, at mensahe, ililista ang pangalan sa pamphlet at bibigyan ng espesyal na imbitasyon at lugar na uupuan sa sponsors section good for two ang bawat entry. Upang lumahok, ipadala o i-mail sa Economic and Labor Affairs Bureau, Commerce and Tourism Division postal code 210-8577 at ang deadline ay sa ika-23 ng Hunyo (Lunes). Tumawag para katanungan sa: Keizai Rodo Kyoku Sangyo Kanko Ka:044-200-2329.



Libreng impormasyon pang-medikal sa Asao

外国人への無料医療情報

Ang Asao Foreigners Medical Information Helpline ay itinatag ng Asao ku chiiki shinkouka kung saan ang mga boluntaryo ay nagbibigay ng libreng serbisyo tungkol sa impormasyong pang medikal. Ito ay magsisilbi sa mga dayuhang mamamayang malapit sa Asao tulad ng (Asao, Tama, Miyamae, Machida at Sagami-hara) Tuwing Lunes at Biyernes ika-10 hanggang ika-3 ng hapon sa mga wikang Ingles, Kastila at Intsik. Tumawag sa 044-951-6468. Mga temang maaaring ikonsulta ay: mga pagamutang malapit sa Asao ward, mga impormasyon ukol sa mga check-ups, bakuna at ng sistema ng pagpapagamot at insyurans ng Japan atbp.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid —Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

〒211-0033 Kawasaki International Center

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/

